

Fukushima International Association

Fukushima

おかげさまで

30TH

ANNIVERSARY

FIA 福島県国際交流協会

NOW

Vol.7 (Published in February 2018)

Ang Prepektura ng Fukushima International Association ay gustong ipakilala ang Fukushima sa iba't ibang wika sa tulong ng "Now" sa pamamagitan ng pag record ng mga tinig ng mga banyagang residente ng Fukushima at ang kani kanilang pag sisikap para makabangon mataposmaganap ang sakuna, kahit na sa pamamagitan ng palitang pang-internasyonal o pag sisikap ng iba't ibang organisasyon.

※Ang mga may iba't ibang wikang diyaryo ay puwedeng idownload sa homepage ng FIA.



Voices from Fukushima

Ngayon ang ipakilala ng Voice of Fukushima ay may dugo ng 4th generation ng Hapon at 3rd generation ng Intsik na ipinanganak sa Canada na si Ms. Naomi Oya (nakatira sa lunsod ng Fukushima). Simula noong 2015 ay nagtrabaho siya bilang translator at interpreter ng International Association Fukushima Prefecture International Affair Division at nag manage ng project at iba't ibang trabaho siya na assign. Ngayong taon ng Agosto ay babalik na siya ulit sa Canada dahil tapos na ang kontrata niya para sa tatlong taon, at ito ang kanyang mga alaala sa tatlong taong pagtira dito sa Fukushima hanggang sa ngayon na napag alaman sa pakikipanayam sa kanya.

-Maligayang bati sa iyong kaarawan! Dalawang araw palang ang nakalilipas ng nagdaos ka ng iyong kaarawan di ba? Papaano mo ipinagdiwang ang iyong kaarawan?

Maraming salamat sa inyong pagbati! Nag party kami kasama ang aking mga kaibaigan, dumalo rin ang mga kaibigan ko galing sa malayong lugar at masaya naming ipinag diwang ang aking kaarawan.

-Sa tingin naming ay marami kang kaibigan Naomi.

Dati rati ay kakaunti lang ang kaibigan ko, ngunit ng mag trabaho ako sa Fukushima lumawak ang pakikisalamuha ko sa tao. Sa kadahilanang dumami ang pakikisalamuha ko sa kapwa kong iba ang pinagamulang bansa at ang kaibahan ng pananaw sa buhay, na pareho naming alam at iginagalang kaya natuto akong makisama para maipagpatuloy ang magandang relasyon ng pakikipag kaibigan.

-Sa tatlong taong pag-tratrabaho mo ano ang pinaka malaki ang dating sa iyo at hindi mo makakalimutang trabaho?

Sa Global Café ay may espesyal akong pakiramdam. Dahil sa Global Café, ay magagamit ng mga seniors na marunong magsalita at makipag usap sa Ingles ang pagkakataon ito para hindi masayang ang natutunan nila

Ingles noong sila ay nasa ibang bansa kaya ako nag plano nito. Naka kuha ako ng idea galing sa mga nakilala kong mga Hapones sa Vancouver at naging kaibigan, ang sabi nila pag umuwi ka ng Hapon ay wala kang lugar at oportunidad na magamit ang natutunang wika tulad ng Ingles para makisalamuha at ito ay naalaala ko ng mag trabaho ako dito sa Fukushima kaya isinagawa ko ang plano kung ito. At habang isinasagawa ang global café mismong sarili ko ay nagdedemand ng masmalalim na mga nilalaman. Kung anong paraan para ipaalang ang pansariling pananaw sa buhay o kung papaano tangkilikin ang mga nangyayari sa buong mundo ay kasama ang mga sumali upang



pare pareho naming pag isipan ang mga bagay bagay. Ikinatutuwa kong magkaroon ng ekspiryensa sa global café dahil matagal ko ng plinaplano na isagawa ang cooking lecture at ito ay natupad at malaki ang naitulong ng global café

Malaki din ang naging dating ng unang naging trabaho ko ng pagdating ko dito sa Hapon. Ang pag gawa ng subtitling ng promotion video ng Prepektura ng Fukushima.

Nang panahong iyon kumpara sa ngayon ay kakaunti palang ang alam kong salita ng wikang Hapon, wala pa rin akong masyadong kaalaman tungkol sa pagbangon, mga kalsada at higit sa lahat ay radiation. At dahil sa kadarating ko pa lang dito at may roon pa akong jetlag nahirapan ako ng husto sa

pag-tranlate. Nabahala ako ng husto at nag-alala, naaalala ko na tinanong ko pa ang aking sarili kong makakatagal ba ako sa klase ng trabahong ito?

Kadalasan, sa oras na maging ganoon ang detale ng aking trabaho ay ginagawa ko ang lahat ng aking makakaya para sa ikagaganda ng resulta nito. Ngunit paminsan kung pag babalikan ko ito ay nasasabi ko sa sarili ko na mas may iba pang paraan para mas naging maganda ang resulta, ngunit sa loob ng tatlong taong ito ay malaki ang naitulong ng pagkakaroon ko ng mapakahalagang ekspiryensa dito.

-Nang malaman mong ang lugar na pagtrabahuan mo ay Fukushima hindi kaba nag alala tungkol sa radiation?

Mas nag-alala ng husto ang nanay ko kaysa sa akin. Hindi sang-ayon ang nanay ko sa pagpunta ko dito sa Fukushima. At araw araw ay nagkakaroon kami ng hindi pagkakaunawaan dahil dito. At bago ako pumunta dito sa Fukushima ay naunang bumisita ang aking ina sa Fukushima at dahil dito ay nabago ang pananaw niya tungkol sa lugar na ito. Noong nakaraang taon pumasyal ang aking magulang at kapatid dito sa Fukushima, dinala ko sila sa lugar kung saan makakakain ng gulay na gawa sa Fukushima at ikinalugod nila ito ng lubos.

-May oras na may pumapasok na trabaho sa iyo na nalilibot mo ang buong prepektura, nang maassign ka sa evacuation zone ano ang maging pakiramdam mo?

Na shock ako. takot, galit, kalungkutan... hindi ko malaman kong ano ang tamang pakiramdam na aking nararamdaman nang araw na iyon na ngayon ko lang na ekspiryensya. Binalak kong I post sa facebook ang mga litratong kuha ko ngunit hindi ko malaman kong papaano ko ipapahayag ang aking nararamdaman, Napag isip isip ko na malaki ang magiging responsabilidad ko sa opisina ng gobyerno kung isusulat ko ang pansarili kong pananaw, at isa pa ay baka makasira sa image ng Fukushima. Kaya halos isang buwan ko itong pinag isipan ngunit ang naging kasagutan ay huwag ko ito ipahayag.

--Tungkol sa Fukushima ay may gusto ka bang ipahayag sa ibang prepektura o kaya sa ibang bansa?

Ang kauna-unahan kong ipahayag ay pasyalan muna nila ang Fukushima kahit isang beses. Dahil pagnapasyalan mo ang Fukushima, kahit sino ang magiging buwang bibig ay 「Ang Fukushima ay napaka gandang lugar! 」. Dati, sinabihan ako ng kaibigan ko mula sa ibang prepektura na 「huwag na huwag kang kakain ng isda at gulay na gawa ng Fukushima」 Ngunit ng ang kaibigan kong ito ay makapasyal dito sa Fukushima ay nabago ang pananaw niya sa lugar ng Fukushima. Hanggang ngayon sa ibang lugar sa loob ng bansang

Hapon ay may maling pag-aakala tungkol sa Prepektura ng Fukushima, karapat dapat na ipakilala at ipaalam sa ibang bansa ang kalagayan ng Fukushima ngunit para sa akin ay maskinakailangang ipakilala at ipaalam ang kalagayan ng Fukushima sa buong lugar ng Hapon.

-May gusto kabang ipahayag sa mga mamamayan ng prepektura ng Fukushima

Ngayon ang alaala ng maganap na sakuna ay pa unti-unti ng naglalaho, gusto kong ang karamihan sa buong mundo ay magkaroon ng interes sa Fukushima. Hanggang ngayon ang mamamayan ng Fukushima ay mahinahon at matiyagang nagsumikap sa pamamagitan ng iba't ibang pamamaraan. Kaya ngayon naman nararamdaman kong kinakailangang maging agresibo silang bigyan pansin ang kanilang sarili.

Sa mga mamamayan ng Fukushima ay maraming akong alaala at pasasalamat.

Mga karanasan na masasabi kong dito ko lang mararanasan sa Fukushima. Sa mga nakilalala ko at nakasalamuha kong mga mamamayan ay taos puso akong nagpapasalamat. Maraming maraming salamat po.


Ginanap ang malupit na labanan ng [Japan America Softball match] sa Azuma Stadium bilang paunang laro para sa nalalapit na Tokyo Olympic

Ang ilan sa mga kompetisyon ng Tokyo Olympic baseball · softball 2020 ay gaganapin sa Azuma Stadium lunsod ng Fukushima kung saan ginanap ang International Friendly Match ng softball for women noong Hunyo 23(Sabado). Sa nasabing laro ay nanalo ang Japan sa score na 2-0 sa masikap at magaling na paghahagis ng ace pitcher na si Ms. Ueno Yukiko pitcher, kasama na ang captain na si Ms. Yamada Erigai fielder. Halos 8,000 katao ang masayang nanuod ng world class level na labanan ranking number one Amerika at ranking number two Hapon ng softball.

Nang araw na iyon, bilang paghahanda ng prepektura at ng lunsod sa nalalapit na Olympic ay nanawagan sa iba't ibang dako ng mga volunteers at sila ang sumuporta sa nabanggit na event. Isa sa mga sumali bilang language volunteer, babae at naninirahan sa lunsod ng Fukushima ay nag wika na [Gusto kong makita ang mga star player! ang lugar ay napuno ng kasiglaan. At sa gaganaping Olympic sa taong 2020 ay tinitiyak kong ang mga bisitang galing sa ibang bansa ay mag enjoy sa panood ng laro] siya ay nagsalita na punong-puno ng kasiglaan para sa Olympic Games.

Nang matapos ang palaro ay ginanap ang pagkuha ng larawan sa parehong team, ang palaro ay natapos sa mapayapang kondisyon.

Nabanggit ng coach na si Ms. Utsugi Reika na [maganda ang atmospera ng Azuma Stadium, at komportable siyang paglaruan. Ako ay nabigla at nagpapasalamat dahil napakaraming mga mamamayan ng Fukushima ang dumalo, nanuod at sumuporta sa laro.] Nabanggit naman ng pitcher na si Ms. Ueno na [sa pag gamit ng lugar kung saan gaganapin ang ibang laro sa nalalapit na Olympic ay nagdulot ng kaalaman kung paano ang dapat gawin hindi lang ang mga player kundi pati na ang nanuod. At dahil dito ay mas naging excited akong hintatin ang darating na dalawang taon.



Pagsasanay ng kabataan ng Amerika sa Tradisyonal na Kultura ng Aizu

Ang NPO Aizu International Ladies Association ay samahan ng mga kababaehan ng Aizu na may interes sa International exchange program ng Human Resources Development para makatulong sa mga kababaehan o kaya sa mga kabataan ng Aizu at Amerika para sa cultural exchange program.

Ngayon ang kabataan ng Dallas State of Texas ang inimitahang mag home stay ng tatlong araw at dalawang gabi para bumisita sa eskuwelahan, mamasyal sa buong lunsod at iba pa na may suma total na limang araw na experience-based program ay isinagawa.

Ang mga sumali ay bumisita sa Aizu Xaverio University at binisita ang naginata club, ang paggawang akabeko, kappo cooking at saka ang tea ceremony kung saan nakaranas sila nito, at ito ay matatagpuan sa Syouga machi Aizu kung saan marami tradisyonal na kultura na masisiyahang lubos. At habang naka stay pa sila, ang mga partisipante ay nag plano ng surprise present na wedding photo na ang ginamit na damit ay Japanese tradisyonal dress sa isang bagong kasal.



Ang pag gawa ng ponderosa cake sa wikang Ingles !

Ang [ponderosa cake] na mula sa Canada British Columbia University ay cake na gawa sa saging, chocolate at cinnamon. Noong taon ng 1960 ang nasa harapan ng [Ponderosa Building] na café restaurant ay nagkaroon ng idea na gumawa ng cake para gamitin ang natitirang saging upang hindi ito masayang ay nagklik sa mga mamimili kaya ito ay pinangalanang [ponderosa cake] Noong May 19 ginanap ang kauna unahang [Global Community Café ~Cooking Class Edition!!~] ng Fukushima International Association, ang member ng International Association na si Ms. Oya Naomi galing Canada ay ipinakilala ang [ponderosa cake] at gumawa ng recipe sa wikang Ingles. Nang araw na ito ay 15 katao at 4 na speaker ang sumali [Haluin mong mabuti !] [Ano ang susunod na gagawin?] [dapat painitin na ang oven !] at marami pang ibang salita na habang masayang nag luluto ng nasabing sweets ay wikang Ingles ang ginamit na tutunan. Ang isang speaker na galing Amerika ay nagsabing [Ang tulad ng klase na habang nagluluto ay iba't ibang uri ang napag-uusapan kaysa sa pangkaraniwang komunikasyon kaya lalong masaya.]



Impormasyon para sa pag susumikap makabangon buhat sa "Fukushima Restoration Station" iba't ibang wika

Sa Fukushima Prefecture official revitalization na may kaugnayang impormasyon portal site "Fukushima Restoration Station" ay naglunsad ang pinakabagong data para sa ligtas na pagkain at ang mga aktibidad ng mga sumu-suporta sa Fukushima sa pamamagitan ng 9 na wika (Hapon, Ingles, Mandarin, Koreyano, German, French, Italiano, Espanyol, at Portuguese). **Fukushima Restoration Station** <http://www.pref.fukushima.lg.jp/site/portal-english/>



Ang recipe ng [ponderosa cake] ay matatagpuan sa homepage ng Fukushima International Association. Paki subukan ninyong gumawa nito! http://www.worldvillage.org/files/news_release/files/2496_file01.pdf

● FIA Information

Impormasyon hinggil sa konsultasyon ukol sa pamumuhay ng mga dayuhan dito sa Fukushima
Dito sa FIA ay mayroong konsultasyon para sa mga dayuhan sa ibat-ibang wika.

English, Intsik, Hapones

Every Tuesday to Saturday from 9:00 to 17:15

Koreano, Tagalog, Portuges

Thursday from 10:00 to 14:00 ※Appointment necessary for 4th and 5th

☎024-524-1316 (direct line)

✉ask@worldvillage.org

● Publisher

Fukushima International Association

〒960-8103 Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture
TEL 024-524-1315 FAX 024-521-8308

E-mail info@worldvillage.org

URL <http://www.worldvillage.org>

Facebook <https://www.facebook.com/fiainfo>

Twitter https://twitter.com/fia_info